

Mga Tukoy na Gamot sa Paglunas para sa Kanser

- [Kanser](#)
- [Lunas](#)
- [Mga Tukoy na Gamot sa Paglunas](#)
- [Prinsipyo ng mga Tukoy na Gamot sa Paglunas](#)
- [Mga Tukoy na Gamot sa Paglunas na Nakarehistro sa Hong Kong](#)
- [Epekto ng mga Tukoy na Gamot sa Paglunas](#)
- [Pangkalahatang Payo](#)
- [Komunikasyon sa iyong Doktor](#)
- [Pag-iimbak ng mga Tukoy na Gamot sa Paglunas](#)

Kanser

Ang ating mga katawan ay binubuo ng mga maliliit na unit na kung tawagin ay cells, na pinagsama-sama upan maging mga tissue at organ. Ang paglaki ng mga tissue at organ (sa mga Kabataan) at paggaling nito (sa mga matatanda) sa pangkalahatan ay resulta ng paglaki ng mga cells sa bilang at paghahati nito sa dalawang cells sa isang nakokontrol na paraan. Ang mga kemikal na senyales ang nagsasabi sa mga cells kung kailangan nitong mahati o huminto sa paghati.

Ang Kanser ay isang kondisyon kung saan ang mga cells sa ipang tukoy na parte ng katawan ay lumalaki at dumarami ng wala sa kontrol. Imbes na tumugon ng naaayon sa mga senyales na kumokontrol sa normal na galaw ng mga cells, ang mga cells ng kanser ay lumalaki at nahahati sa hindi nakokontrol na paraan. Ang mga cells ng kanser ay maaaring sakupin at siarin ang mga nakapaligid na malusog na tissue, kabilang na ang mga organs. Minsan, ang kanser ay nagmumula sa isang parte ng katawan at pagkatapos ay kumakalat sa ibang parte ng katawan. Ang prosesong ito ay tinatawag na metastasis. Mayroong halos 200 iba't ibang uri ng kanser, kung saan ang bawat isa ay mayroong sariling paraan ng pagtuklas at paglunas.

Ang Kanser ay ang pangunahing dahilan ng kamatayan sa Hong Kong. Noong 2022, mayroong 14,717 katao na namatay mula sa kanser, na tumutugon sa halos isang kaapat (1/4) ng lahat ng kamatayan sa lokal na populasyon. Ang limang pinakamadalas na

makitang kanser sa pinagsamang parehong kasarian sa 2022 ay ang kanser sa baga (5,707 na kaso, 16.1%), kanser sa suso (5,208 na kaso, 14.7%), kanser sa colon at tumbong (5,190 na kaso, 14.7%), kanser sa prostate (2,758 na kaso, 7.8%), at kanser sa atay (1,612 na kaso, 4.6%). Ang limang mga nangungunang uri ng kanser ay bumibilang sa halos kalahati (57.9%) ng lahat ng mga bagong kaso ng kanser sa Hong Kong.

Lunas

Ang pag-oopera ay ang pangunahing paraan ng paglunas sa halos karamihang uri ng kanser, dahil ang mga soludong mga tumor ay maaaring tanggalin sa pamamagitan ng pag-opera. Ang dalawa pang ibang karaniwang ginagamit na paraan ng lunas ay ang chemotherapy (gumagamit ng gamot upang ihinto ang paglago ng mga cells ng kanser, sa pamamagitan ng pagpatay sa mga cells o sa pagpigil sa kanila na mahati) at radiotherapy (paggamit ng mga batataas na enerhiya na X-ray o iba pang uri ng radiation upang patayin ang mga cells ng kanser o upang pigilan sila mula sa paglaki.)

Mga Tukoy na Gamot sa Paglunas

Ang mga tukoy na gamot sa paglunas, tulad ng iba pang mga gamot na ginagamit bilang gamot sa kanser, ay kinokonsidera bilang chemotherapy. Ngunit ang mga tukoy na gamot sa paglunas ay hindi gumagana sa parehong paraan ng mga karaniwang gamot sa chemotherapy. Ang mga tukoy na gamot sa paglunas ay gumagambala sa mga tukoy na mga molecule (mga target) na kabilang sa paglaki at pagkabuhay ng mga cells ng kanser. Ang mga tradisyunal na gamot sa chemotherapy, sa kabilang banda, ay gumagana laban sa lahat ng mga cells na nahahati.

Hindi lahat ng pasyente ng kanser ay kandidato para sa tukoy na lunas. Ang paggamit ng tukoy na paglunas ay naaangkop lamang sa mga pasyente na ang mga tumor ay mayroong naaangkop na target para sa partikular na tukoy na gamot sa paglunas. Minsan, ang pasyente ay nagiging isang kandidato lamang para sa lunas kung makamit nya ang tukoy na pamantayan (halimbawa, ang kanser ay hindi tumutugon ng iba pang lunas, ay kumalat na, o hindi na kayang operahan).

Ang karamihan sa mga tukoy na gamot sa paglunas ay mga maliliit na molecule na gamot o mga monoclonal antibodies. Ang mga gamot na maliliit na molecule ay mga kemikal na karaniwang ginawa para sa mga target na makikita sa loob ng cell dahil ang mga agent ay kayang pumasok sa mga cells ng madali. Ang mga monoclonal antibody ay

karaniwang malalaking protina ng immune system na sa pangkalahatan ay hindi makakapasok ng cell, kung kaya't ginagamit lamang sila para sa mga taget na nasa labas ng cell o sa itaas ng mga cell.

Ang mga karaniwang paraan upang ibigay ang tukoy na gamut sa paglunas ay sa pamamagitan ng pag-inom (bilang tableta o kapsula) o sa ugat (tinutusok). Ang ibang mga tukoy na gamut sa paglunas ay maaaring i-inject sa ilalim ng balat (subcutaneously).

Prinsipyo ng mga Tukoy na Gamot sa Paglunas

Ang mga tukoy na gamut sa paglunas ay maaaring i-grupo ayon sa kung paano sila gumagana o sa anong uri ng cell ang tinatarget nila. Ang iba sa mga karaniwang uri ng tukoy na gamut sa paglunas ay nakalista sa ibaba, ngunit hindi ito kumpletong listahan:

Signal transduction inhibitors

Ang signal transduction inhibitors ay humaharang sa mga aktibidad na kabilang sa signal transduction, ang proseso kung saan tumutugon ang mga cell sa mga signal mula sa paligid nito. Sa ibang mga kanser, ang mapanganib o malignant cell ay mabilis at patuloy na nahahati nang hindi binibigyan ng senyales na gawin ito mula sa mga panlabas na pamantayan ng paglaki. Ang signal transduction inhibitor ay pumipigil sa hindi naaangkop na senyales na ito.

Angiogenesis inhibitors

Ang Angiogenesis ay ang pagbuo ng bagong mga ugat ng dugo. Ang suplay ng dugo ay naaangkop para lumaki ang mga tumor ng mas malaki kumpara sa ibang mga sukat dahil ang dugo ang syang nagbibigay ng oxygen at mga nutrisyon na kailangan ng isang tumor para patuloy na lumaki. Ang angiogenesis inhibitor ay pumipigil sa paglaki ng mga bagong ugat ng dugo sa mga tumor na syang pipigil sa paglaki ng tumor.

Apoptosis-inducing na mga gamot

Ang Apoptosis-inducing na mga gamot ay nagdudulot sa mga cells ng kanser na sumailalim sa proseso ng kontroladong kamatayan na tinatawag na apoptosis. Ang Apoptosis ay isang paraan na ginagamit ng katawan upang tanggalin ang mga hindi kailangan o mga abnormal na cells, ngunit ang mga cells ng kanser ay may mga paraan

upang maiwasan ang apoptosis. Ang mga Apoptosis-inducing na gamot ay maaaring baliwalain ang mga paraang ito upang magdulot ng kamatayan sa mga cells ng kanser.

Monoclonal antibodies

Mayroong maraming iba't ibang monoclonal antibodies upang gamutin ang kanser. Ang ibang mga monoclonal antibodies ay nagpapadala ng mga nakalalasang molecules na nagdudulot ng kamatayan particular na sa mga cells ng kanser. Sa oras na ang antibody ay dumikit sa target nitong cell, ang nakalalasang molecule na nakadikit sa antibody ---- tulad ng mga radioactive na mga sangkap o nakalalasang kemikal --- ay kakainin ng mgacell na magdudulot ng kamatayan ng cells. Ang lason ay hindi makakaapekto sa mga cells na walang target kung kaya't ang karamihan sa mga cells ng katawan ay hindi maaapektuhan. Ang ibang mga monoclonal antibodies ay nagtutulak sa immune system na atakihin at patayin ang mga cells ng kanser, kung kaya't ang mga monoclonal antibodies na ito ay isa ring uri ng immunotherapy.

Mga Tukoy na Gamut sa Paglunas na Nakarehistro sa Hong Kong*

Ang mga tukoy na gamut sa paglunas na nakarehistro sa Hong Kong ay mga medisnang may preskripsyon lamang at kailangang ibigay sa ilalim ng mahigpit na patnubay at rekomendasyon ng doktor. Mga halimbawa ng mga tukoy na gamut sa paglunas para sa kanser na nakarehistro sa Hong Kong ay ang mga nakalista sa ilalim:

Kanser sa Utak: bevacizumab, everolimus

Kanser sa Suso: abemaciclib, alpelisib, atezolizumab, bevacizumab, everolimus, lapatinib, neratinib, olaparib, palbociclib, pembrolizumab, pertuzumab, ribociclib, sacituzumab govitecan, talazoparib, trastuzumab at ang mga antibody drug conjugates nito, tucatinib

Kanser sa colon at tumbong: aflibercept, bevacizumab, cetuximab, encorafenib, fruqintinib, ipilimumab, nivolumab, panitumumab, ramucirumab, regorafenib,

Dermatofibrosarcoma protuberans: imatinib

Kanser sa Tiyan: nivolumab, pembrolizumab, ramucirumab, trastuzumab and its antibody drug conjugates

Tumor sa Gastrointestinal stromal: avapritinib, imatinib, regorafenib, ripretinib, sunitinib

Kanser sa Ulo at Leeg: cetuximab, nivolumab, pembrolizumab

Kanser sa Bato: avelumab, axitinib, belzutifan, bevacizumab, cabozantinib, everolimus, ipilimumab, lenvatinib, nivolumab, pazopanib, pembrolizumab, sorafenib, sunitinib

Leukaemia: acalabrutinib, blinatumomab, dasatinib, gilteritinib, ibrutinib, imatinib, midostaurin, nilotinib, obinutuzumab, rituximab

Kanser sa Atay: atezolizumab, cabozantinib, lenvatinib, nivolumab, ramucirumab, regorafenib, sorafenib

Kanser sa Baga: afatinib, alectinib, amivantamab, atezolizumab, bevacizumab, ceritinib, crizotinib, dabrafenib, erlotinib, gefitinib, ipilimumab, nivolumab, osimertinib, pembrolizumab, pralsetinib, ramucirumab, selpercatinib, trametinib

Lymphoma: acalabrutinib, bortezomib, brentuximab vedotin, ibritumomab tiuxetan, ibrutinib, nivolumab, pembrolizumab, obinutuzumab, rituximab

Melanoma: dabrafenib, encorafenib, ipilimumab, nivolumab, pembrolizumab, trametinib

Multiple myeloma: bortezomib, daratumumab, elotuzumab

Myelodysplastic/myeloproliferative disorders: imatinib, ruxolitinib

Kanser sa Obaryo/fallopian tube/primary peritoneal: bevacizumab, olaparib, niraparib

Kanser sa Pancreas: belzutifan, erlotinib, everolimus, olaparib, sunitinib

Soft tissue sarcoma: pazopanib

Kanser sa Thyroid: cabozantinib, lenvatinib, selpercatinib, sorafenib, vandetanib

Epekto ng mga Tukoy na Gamut sa Paglunas**

Nang unang magawa ang tukoy na lunas, inisip ng mga siyentipiko na ito ay mas hindi nakalalason kumpara sa tradisyunal na chemotherapy. Subalit, ang mga tukoy na gamut sa paglunas ay maaari ring magkaron ng mga epekto. Mayroong iba't ibang uri ng mga tukoy na gamot, ang kanilang mga epekto ay nakadepende sa uri ng gamot na ibinigay at kung ano ang tinatarget nito.

Kabilang sa mga karaniwang epekto na nakikita sa mga tukoy na gamut sa paglunas ay ang pagtatae at problema sa atay tulad ng hepatitis at mataas na liver enzymes.

Kabilang sa iba pang mga epekto ay ang mga sumusunod:

Problema sa balat (hal. acneiform rash, tuyot na balat, pagbabago ng kuko, pagkawala ng kulay ng buhok)

Problema sa pamumuo ng dugo at paggaling ng sugat

Mataas na presyon ng dugo

Pagduduwal at pagsusuka

Problema sa Puso

Pagkabutas ng bituka (isang madalang na epekto sa ibang mga tukoy na gamut sa paglunas)

Ang nabanggit sa itaas na listahan ng mga epekto ay hindi kumpleto, dahli ang bawat tukoy na gamut sa paglunas ay maaaring magkaroon ng ibang epekto.

Ang pagkalala ng mga epekto ay nakadepende sa bawat gamot at sa bawat tao. Karamihan sa mga epekto ay nawawala kalaunan pagkatapos ng lunas at ang mga malulusog na mga cells ay gumaling. Ang oras na kakailanganin upang gumaling mula sa mga epekto ay depende sa bawat tao. Maaari itong dumepende sa maraming dahilan, kabilang na ang kabuuang kalusugan at gamot na ibinigay sa iyo.

Dahil karamihan sa mga tukoy na gamut sa paglunas ay bago pa, mahirap sabihin kung gaano katagal dapaan asahan ang epekto nito. Ang iba sa mga epekto mula sa karaniwang gamot sa chemotherapy ay maaaring magtagal panghabangbuhay, tulad ng kung ang mga gamot ay may panghabang buhay na epektong pagkasira sa puso, baga, atay, at mga reproductive organ. Sa karamihang ng mga kaso, hindi pa natin alam kung ang mga tukoy na gamut sa paglunas ay makapagdudulot din ng ganitong mga panghabangbuhay na epekto.

Pangkalahatang Payo

Kung ang ibinigay na tukoy na gamut sa paglunas ay tableta o kapsula, maaari mong iuwi ang mga gamot. Kailangan mong inumin ang eksaktong dosis, sa itinalagang oras, sa haba na iniatas ng preskripsyon.

Ang mga gamot na ibinibigay bilang infusion ay maaaring magtagal hanggang 30 minuto hanggang sa ilang oras. Ang mga infusion ay maaaring gawin sa mga klinika o sa ospital.

Ang haba at tagal ng iyong lunas ay nakadepende sa uri ng kanser na mayroon ka, ang layunin ng lunas, ang gamot na ginagamit, at kung paano tumugon ang iyong katawan dito. Maaari kang magkaroon ng paglunas araw araw, kada linggo, kada ilang linggo, o mas mababa pa. Ang ibang mgagamot ay ibinibigay ng pahinto hinto upang mahayaan

ang iyong katawan na magbuo ng mga bagong cells at mabawi anglakas nito habang nasa pahinga. Ang ibang mga gamot ay maaaring inumin araw araw sa maraming mga buwan o kahit pa taon.

Ang kanser at ang paglunas dito ay maaaring magdulot ng mga malalaking pagbabago sa iyong buhay. Maaari mong maramdaman ang pagkalungkot, pagkabalisa, galit, depresyon, at iba pang mga damdamin. Upang makaagapay sa mga pagbabago ng emosyon, maaari mong piliing makasama an iyong Pamilya at mga kaibigan, at humanap ng isang taong magaling makinig na makakausap. Maaari mo ring tanungin ang iyong doktor tungkol sa mga tagapayo, mga grupo, o network kung saan ka makakahanap ng suporta.

Komunikasyon sa iyong Doktor

Tanungin ang iyong doktor tungkol sa iyong kanser, kabilang na ang mga pagpipiliang mga lunas. Habang dumarami ang iyong kaalaman tungkol sa kanser, maaari mong mas maramdaman ang kumpiyansa sa pagsasagawa ng desisyon tungkol sa mga lunas.

Tanungin ang iyong doktor tungkol sa mga posibleng mga epekto na dapat asahan mula sa mga tukoy na gamut sa paglunas, kabilang na ang kung paano sila gagamutin sakaling lumabas ang mga ito. Ang mga bihira at hindi karaniwang epekto ay maaaring mangyari sa ibang mga gamot, at ang iba ay maaaring maging malala. Ang lahat ng mga pagbabago at epekto ay kailangang maiulat sa iyong doctor.

Parating tanungin ang iyong doktor bago uminom ng iba pang mga gamot o produktong pangkalusugan dahil maaari silang makaapekto sa pagiging epektibo o mas dumami pa ang epekto sa iyong paggagamot.

Siguraduhing tanungin ang iyong doktor kung maaari kang uminom ng beer, alak, o iba pang mga inuming may alkohol dahil ang alkohol ay maaaring makaapekto sa pagiging epektibo o mas dumami pa ang epekto sa iyong paggagamot.

Ang ebidensya ng pagiging epektibo ng mga alternatibong lunas sa kanser upang gamutin ang kanser ay hindi malinaw. Ngunit ang mga pagpipiliang alternatibo sa paglunas (hal. acupuncture, hypnosis, massage, meditation, relaxation techniques at yoga) ay maaaring makatulong sa iyo sa mga mga epekto ng kanser at paglunas sa

kanser, tulad ng pagkapagod, pagduduwal at sakit. Tanungin ang iyong doktor tungkol sa kung anong pagpipiliang alternatibo sa paglunas ang maaaring makapagbigay ng ginhawa.

Kailangan mong kausapin ang iyong doktor bago uminom ng tukoy na gamut sa paglunas kung ikaw ay buntis o planong magbuntis dahil ang mga tukoy na gamut sa paglunas ay maaaring magdulot ng problema sa pagkapanganak.

Pag-iimbak ng mga Tukoy na Gamot sa Paglunas

Ang mga tukoy na gamut sa paglunas ay kailangang iimbak sa mga kondusyong tinukoy sa label. Ang mga iniinom na tukoy na gamut sa paglunas ay karaniwang itinatago sa mga malamig at tuyong lugar, habang ang mga iniinject na tukoy na gamut sa paglunas ay karaniwang itinatahi sa mga refrigerator. Bukod pa rito, ang mga gamot ay kailangang ilayo mula sa pagkakaabot ng mga Kabataan upang maiwasan ang aksidenteng pag-inom nito.

* Ito ay hindi buong listahan ng mga tukoy na gamut sa paglunas na nakarehistro sa Hong Kong, at hindi nito sakop ang lahat ng mga indikasyon sa Hong Kong.

** Ang mga impormasyong nakasulat dito ay hindi sakop ang lahat ng mga posibleng epekto, allergic reaction, o malalang epekto.

Pagkilala: Ang Tanggapan ng mga Gamot ay nais pasalamatan ang Propesyunal na Pagpapagaling at Paninigurado ng Kalidad (The Drug Office would like to thank the Professional Development and Quality Assurance o PD&QA) at ang Dibisyon ng Hindi nakakahawang sakit sa Tanggapan ng Pag-aantabay at Pagkilala (Non-communicable Disease Division of Surveillance & Epidemiology Branch; NCDD of SEB) para sa kanilang natatanging kontribusyon para sa paghahanda ng artikulong ito.

Tanggapan ng mga Gamot

Kagawaran ng Kalusugan

Junyo 2025